

Ang Talabang Loob at Labas sa Paglikha ng Entablado

Carlo P. Garcia

1

Isang produktong kultural ang espasyo, at ang entablado, bilang mas maliit na yunit at manifestasyon nito ay kumakalap din ng pagkarami-raming pagpapakahulugan at sumusuot sa kamalayan, lalo pa't ang sining na humuhubog dito, ang teatro, gaya nga ng sabi ni Priscelina Legasto ay, "... more than any literary genre, is a social form because its creation (it is a collective product of the playwright, the producer and the actors) and its consumption (unlike a novel or a short story which is read in private by an individual, theater needs an audience) is social" (Legasto 1981, 345). Ayon din kay Hans-Georg Gadamer: "Hence the stage is a political institution because only the performance brings out everything that is in the play, its allusions and its echoes" (Gadamer 1997, 128).

Ang mga katangiang ito ng teatro ay umusbong sa relasyong manonood at gumaganap kung saan mayroon (at nararapat) na malayang palitan ng pagpapakahulugan. Ang pagpapalitang ito aysadyang nakakintal na sa kamalayan sapagkat may ritwalistikong aspekto ang teatro, kung saan ito unang umusbong at nagkaroon ng saysay. Ang mga ritwal na ito ay ang itinuturing ng mga nag-aaral sa teatro sa Pilipinas bilang *proto-teatro*, mga sinaunang pagpapalabas bago ang pormalisasyon nito pagdating ng mga Kastila at, lalung-lalo na, ng mga Amerikano. Ang pormalisasyon nito ay may kaakibat ring implikasyon sa istrukturang panlipunan kung saan ang espasyong naitatag ng mga ritwal bilang komyunal at pangaraw-araw ay dudulas patungo sa isa muling uri ng produksyong kultural, bilang sining. Ang talastasan at pagpapakahulugan ay nagkakaroon, kung gayon, ng ibang pagpapahalaga. Kung dati-rati, ang mga pagtatanghal ay para sa mga diyos ng ating mga ninuno, malalangkapan ito ng ibang yari't gara at magkakaroon ng dalawang sangay: sa isang banda, mananatili ang ritwal bilang eksklusibong ekspresyon ng pananampalataya't pagsasamasamang muli ng mga indibidwal ng isang komunidad sa pamamagitan ng mga piyesta; habang ang isa naman ay tutungo sa landas ng eksklusyon mula sa ganitong uri ng mala-ispektakulong pagtatanghal upang mapailalim din sa isa pang uri ng ispektakulo at iyon ang teatro na alam natin sa kasalukuyan na produkto ng mga kultural na institusyon, (e.g. Sentrong Pangkultura ng Pilipinas).